

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-14

PAGGAMIT NG VIDEO PRESENTATION SA PAGLINANG NG KASANAYAN SA FILIPINO

*Mary Rose Santero

Guimaras State University.

Article Received: 10 April 2026

*Corresponding Author: Mary Rose Santero

Article Revised: 30 April 2026

Guimaras State University.

Published on: 20 May 2026

DOI: <https://doi-doi.org/101555/ijrpa.6132>

ABSTRAK

Nilalayon ng pag-aaral na ito na paunlarin ang kasanayasan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 11 gamit ang video presentation at tradisyunal na pamamaraan. Gumamit ng quasi-experimental design na may dalawang pangkat: ang experimental group na ginamitan ng video presentation at ang controlled group na tinuruan sa pamamagitan ng tradisyunal na paraan. Isinagawa ang pre-test at post-test upang masukat ang antas ng kasanayan bago at pagkatapos ng anim na linggong interbensyon. Ipinakita sa resulta na may pagtaas sa antas ng kasanayan sa parehong pangkat, batay sa mean scores ng pre-test at post-test. Gayunman, ang t-test analysis ay nagpakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng dalawang pangkat matapos ang interbensyon. Sa kabila nito, makabuluhan ang pagtaas ng marka sa loob ng bawat pangkat, na nagpapahiwatig na epektibo ang parehong paraan ng pagtuturo. Samakatuwid, lumalabas na ang paggamit ng video presentation ay kasing-epektibo ng tradisyunal na pamamaraan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino.

Mga Susing Salita: video presentation, tradisyunal na pamamaraan, Filipino, kasanayan sa wika, pagtuturo.

PANIMULA

Ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng video presentation ay nagiging mahalagang kasangkapan sa pagpapayaman ng karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga biswal at auditoryong elemento, nagiging mas kawili-wili at madaling maunawaan ang mga aralin, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng partisipasyon at pagkatuto ng mga estudyante. Ayon kay Brame (2019), ang epektibong paggamit ng mga video ay nagpapabuti sa kognitibong pagproseso at nagpapalakas ng aktibong pagkatuto.

Bagama't may paglaganap ng teknolohiya, marami pa ring mga guro ang nahihirapang isama ang mga video presentation sa kanilang pagtuturo. Ito ay maaaring dulot ng kakulangan sa pagsasanay, limitadong mapagkukunan, o kawalan ng kaalaman sa epektibong paggamit ng mga nasabing kagamitan. Ayon sa pag-aaral nina Fernando at Cabang (2022), bagama't kinikilala ng mga guro ang potensyal ng video presentations, may mga hamon pa rin sa kanilang integrasyon sa silid-aralan.

May kakulangan ng pananaliksik na tumatalakay sa partikular na epekto ng paggamit ng video presentation sa paglinang ng kasanayan sa Filipino. Bagama't may mga pag-aaral na nagsusuri sa epekto ng multimedia tools sa pagkatuto ng Filipino (Almario, 2022), hindi sapat ang datos na naglalayong alamin ang espesipikong kontribusyon ng video presentations sa pag-unlad ng kasanayan sa asignaturang ito.

Dahil sa nasabing agwat sa pananaliksik, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng paggamit ng video presentation sa paglinang ng kasanayan sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagtuon sa asignaturang ito, inaasahang makapagbibigay ang pananaliksik ng mahahalagang impormasyon na makakatulong sa mga guro sa epektibong paggamit ng teknolohiya upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang epekto ng paggamit ng video presentation at tradisyunal na pamaraan sa pagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 11 ng Don Felix Serra National High School, San Joaquin Iloilo, sa Taong Panuruan 2024-2025.

Bilang pagtitiyak, nilalayong sagutin ng pag-aaral na ito mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang pre-test performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan?
2. Ano ang post-test performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan?
3. Ano ang pre test at post test performance ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan?
4. Mayroon bang kabuluhang kaugnayan ang pre test performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at control group?

5. Mayroon bang kabuluhang kaugnayan ang post test performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at control group?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang pre test at post test performance ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at controlled group?
7. Mayroon bang kabuluhang pagkakaiba sa mean gain performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan?

METODOLOHIYA

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga metodong ginamit sa pag-aaral kabilang ang disenyo, kalahok, instrumento, baliditi at reliability, paraan ng pangangalap ng datos, at mga estadistikang ginamit, kung saan ang pag-aaral ay gumamit ng quasi-experimental na disenyo upang matukoy ang kabisaan ng video presentation kumpara sa tradisyunal na paraan sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11, gamit ang dalawang pangkat (experimental at controlled) na kapwa sumailalim sa paunang at panapos na pagtataya upang masukat ang kanilang pag-unlad. Ang mga kalahok ay binubuo ng 30 mag-aaral mula sa Don Felix Serra National High School na hinati sa dalawang pangkat sa pamamagitan ng palabunutan at pinagtugma batay sa kanilang marka sa unang at ikalawang markahan upang matiyak ang pagkakapantay ng kakayahan. Ang datos ay nakalap gamit ang tatlong instrumentong binuo ng mananaliksik: paunang pagtataya, panapos na pagtataya, at banghay aralin na may integrasyon ng video presentation, na sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto at pilot testing na nagpakita ng mataas na reliability (Cronbach's $\alpha = 0.908$). Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng maayos na hakbang mula sa pagbuo at pagrebisa ng instrumento, pagkuha ng pahintulot, pagsasagawa ng pretest, implementasyon ng interbensyon sa loob ng anim na linggo, at pagbibigay ng posttest, habang ang mga datos ay inipon, sinuri, at binigyang interpretasyon gamit ang mean at paired t-test upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat at ang kabisaan ng ginamit na pamamaraan sa pagkatuto.

MGA RESULTA AT PAGLALAHAD

Resulta ng Paunang Pagtataya

Ang resulta ng paunang pagtataya na ipinapakita sa Manghad 2 ay nagpapakita na katamtaman ($M=35.07$, $SD=3.37$) ang kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 11 bago ang integrasyon ng video presentation gayundin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa controlled na pangkat na ginamitan ng tradisyunal na paraan ($M=33.60$, $SD=4.88$).

Ang ipinakitang kinalabasan ng pag-aaral ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay may katamtamang kaalaman sa mga paksa at kompetensi sa Filipino bago ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan. Maaaring isang dahilan nito ay ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa sekondarya kung kaya may taglay na silang mga kaalaman. Ito ay repleksiyon din ng mga natutunan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa unang semestre sa kasalukuyang taong panuruan.

Ang resultang ito ay hindi nalalayo sa resulta ng pag-aaral ni Pechuanco (2023) na kung saan ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kasanayanan sa talasalitaan bago ang integrasyon ng laro at tradisyunal na paraan ng pagtuturo.

Manghad 1. Resulta ng Paunang Pagtataya.

Group	N	Experimental Treatment	Mean	SD	Description
Control Group	15	Traditional Method	33.60	4.88	Katamtaman
Experimental Group	15	Use of Video Presentation	35.07	3.37	Katamtaman
Total	30		34.33	4.19	Katamtaman

Scale: 0.00–12.00 Napakababa, 12.01-24.00 Mababa, 24.01-36.00 Katamtaman, 36.01-48.00 Mataas, 48.01-60.00 Napakataas.

Resulta ng Panapos na Pagtataya

Ang kinalabasan ng datos na ipinapakita sa Manghad 3 ay nagpapakita na kapwa mataas ($M=45.20$, $SD 3.76$), ($M=43.80$, $SD=5.20$) ang iskor ng panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na ginamitan ng video presentasyon at ng tradisyunal na paraan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino.

Ang mataas na iskor ng mga kalahok ay nagpapahiwatig na sila ay nakakuha ng 60-80% na tamang sagot sa panapos na pagtataya. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na parehong nagtamo ng mataas na kasanayan sa Filipino ang mga mag-aaral mula sa experimental at controlled group pagkatapos ng interbensyon. Ipinahihiwatig nito na parehong epektibo ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pagpapataas ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ang ganitong kasanayan ng mag-aaral ay sinuportahan ng pag-aaral ni Alpas (2023) na kung saan ang antas ng litersiya ang mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa Sibalom North District sa kabuuan ay nasa Instructional. Kung pagbabasehan ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil IRI), ang instructional level ay nasa gitna ng independent at frustration level.

Ibig sabihin ang mga mag-aaral sa ganitong antas ay marunong magbasa ngunit may mga pagkakataon na nangangailangan sila ng tulong sa pag-unawa ng kanilang binabasa. Maiugnay ang antas ng literasiya ng mga mag-aaral sa resulta ng kanilang panapos na pagtataya. Ito ay masasabing isa sa mga dahilan kung kaya mataas lamang at hindi napakataas ang iskor na nakuha ng mga kalahok.

Manghad 2. Resulta ng Panapos na Pagtataya.

Group	N	Experimental Treatment	Mean	SD	Description
Control Group	15	Traditional Method	43.80	5.20	Mataas
Experimental Group	15	Use of Video Presentation	45.20	3.76	Mataas
Total	30		44.50	4.52	Mataas

Scale: 0.00–12.00 Napakababa, 12.01-24.00 Mababa, 24.01-36.00 Katamtaman, 36.01-48.00 Mataas, 48.01-60.00 Napakataas.

Resulta ng Pauna at Panapos na Pagtataya sa Controlled na Pangkat

Ang resulta ng pauna at panapos na pagtataya sa controlled na pangkat na ipinapakita sa Manghad 4 ay nagpapakita na mula sa katamtaman ($m=33.60$) ay naging mataas ($m=43.80$) ang iskor ng mga mag-aaral matapos ang pagtuturo batay sa tradisyunal na paran. Ang 40-60% na tamang sagot sa paunang pagtataya ay tumaas at naging 60%-80% sa panapos na pagtataya.

Ang pagtaas ng iskor ng mga kalahok sa panapos na pagtataya ay nangangahulugan na may pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay nagpapahiwatig nanatiling mabisa ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo sa pagpapa-unald ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 11.

Pinatunayan ito ni Pechuanco (2023) mula sa naging resulta ng kaniyang pag-aaral na hindi maikakailala na hindi lang larong pangwika ang tanging paraan sa paglinang ng bokabularyo bagkus ang iba pang paraan ay kapaki-pakinabang rin.

Manghad 3. Performans ng mga mag-aaral sa Filipino bago at pagkatapos ang paggamit ng tradisyunal na paraan.

Experiment Phase	Mean	SD	Description
Before the Experiment	33.60	4.88	Katamtaman
After the Experiment	43.80	5.20	Mataas
Total	38.70	7.17	Mataas

Scale: 0.00–12.00 Napakababa, 12.01-24.00 Mababa, 24.01-36.00 Katamtaman, 36.01-48.00 Mataas, 48.01-60.00 Napakataas.

Resulta ng Pauna at Panapos na Pagtataya sa Experimental na Pangkat

Ang resulta ng pauna at panapos na pagtataya sa experimental na pangkat na ipinapakita sa Manghad 5 ay nagpapakita na mula sa katamtaman ($m=35.07$) ay naging mataas ($m=45.20$) ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ito ay nagpapahiwatig na umunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa tulong ng video presentation. Ang pagtaas ng iskor sa panapos na pagtataya mula sa paunang pagtataya ay patunay ng kabisaan ng isinagawang intergasyon ng video presentation upang umunlad ang kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 11.

Pinatunayan ng pag-aaral nina Sadiyah et.al (2019) na ang pagtaas ng mean score ng panapos na pagtataya mula sa paunang pagtataya ay nagpapakita ng pag-unlad ng bokabularyo ng mag-aaral. Dagdag pa nila, ang pagtaas ng mean score dahil sa paggamit ng laro gaya ng crossword puzzle ay nagresulta sa pag-unlad ng bokabularyo ng mag-aaral.

Manghad 4. Performans ng mag-aaral sa Filipino bago at pagkatapos ang paggamit ng video presentation.

Experiment Phase	Mean	SD	Description
Before the Experiment	35.07	3.37	Katamtaman
After the Experiment	45.20	3.76	Mataas
Total	40.13	6.24	Mataas

Scale: 0.00–12.00 Napakababa, 12.01-24.00 Mababa, 24.01-36.00 Katamtaman, 36.01-48.00 Mataas, 48.01-60.00 Napakataas.

Pagkakaiba ng resulta sa paunang pagtataya ng mga mag-aaral bago ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan

Batay sa kinalabasan ng paired t-test na makikita sa Manghad 6, walang makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng paunang pagtataya ng mga mag-aaral ($t=-0.958$, $p=0.346$) bago ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino.

Ang hindi pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng paunang pagtataya sa pagitan ng dalawang pangkat ay nagpapahiwatig na ang mga kalahok sa bawat pangkat ay may parehong kaalaman kung pag-uusapan ang kanilang kasanayan sa Filipino bago ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan sa pagpapaunlad ng bokabularyo.

Sa madaling salita, hindi nagkakaiba ang kasanayan sa Filipino ng dalawang pangkat bago ang interbensyon. Ipinapakita nito na ang panimulang antas ng mga mag-aaral ay halos pantay, kaya maaaring ituring na patas ang panimulang punto ng dalawang grupo sa pananaliksik.

Ang kinalabasang ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral ni Palcullo (2019) na walang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng paunang pagtataya sa kasanayang pampanitkan ng mga mag-aaral sa pagitan ng experimental at controlled na pangkat.

Pinatotohanan din ang ganitong resulta ng pag-aaral ni Fernandez (2019) na ang resulta ng paunang pagtataya sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral ay magkalapit kung kaya ito ay magkatulad at walang makabuluhang pagkakaiba.

Manghad 5. Pagkakaiba ng resulta sa paunang pagtataya ng mga mag-aaral bago ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan.

	F	Sig.	t-value	df	p-Value	Interpretation
Equal variances assumed	1.360	0253	-.958	28	.346	Not Significant
Equal variances not assumed			-.958	24.872	.347	

p-value < .05 is significant

Pagkakaiba sa panapos na pagtataya ng mga mag-aaral pagkatapos ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan

Batay sa resulta ng paired t-test na makikita sa Manghad 7, nakita na walang makabuluhang pagkakaiba ($t = 0.845$, $p = .405$) ang resulta ng panapos na pagtataya ng mga kalahok mula sa experimental at controlled na pangkat pagkatapos ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan sa pagpapaunlad ng bokabolaryo.

Pinatunayan ng resulta na ang mga iskor sa panapos na pagtataya ng dalawang pangkat ay hindi nagkakalayo. Ibig sabihin, ang paggamit ng video presentation sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino at tradisyunal na paraan ay kapwa epektibo at nakatulong upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral at makuha ang mataas na iskor sa panapos na pagtataya.

Sinuportahan ito ng pahayag ni Pechuanco (2023) na may mga mag-aaral na natututo kapag may integrasyon ng laro samantala may mga mag-aaral naman na man na mas natututo kapag ginamit ang tradisyunal na paraan.

Manghad 6. Pagkakaiba sa panapos na pagtataya ng mga mag-aaral pagkatapos ang paggamit ng video presentation at tradisyunal na paraan.

	F	Sig.	t-value	df	p-Value	Interpretation
Equal variances assumed	1.115	.300	-.845	28	.405	Not Significant
Equal variances not assumed			-.845	25.515	.406	

p-value < .05 is significant

Pagkakaiba sa resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na ginamitan ng tradisyunal

Batay sa resulta ng paired t-test para sa di-magkaugnay na sampol nakita na may makabuluhang pagkakaiba ($t=-7.618$, $p=0.00$) ang resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral pagkatapos ng pagtuturo gamit ang tradisyunal na paraan sa paglinang ng bokabularyo.

Ang iskor na katamtaman sa paunang pagtataya ay umunlad at naging mataas matapos ang paggamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo sa Baitang 11. Ipinapakita ng makabuluhang pagtaas sa resulta ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral na sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo na nananatiling epektibo ang klasikal o karaniwang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa Filipino. Bagamat hindi gumagamit ng makabagong teknolohiya, maaaring ang malinaw na paliwanag ng guro, organisadong daloy ng aralin, at aktibong interaksyon sa klase ang nagbigay-daan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapahiwatig nito na kapag maayos na naipatupad, ang tradisyunal na pagtuturo ay nananatiling mabisang batayan sa pagpapataas ng akademikong kasanayan. Kaya't mahalaga pa ring bigyang-halaga ang pagpapahusay sa kakayahan ng mga guro sa paggamit ng tradisyunal na pamamaraan upang ito'y manatiling kapaki-pakinabang sa modernong konteksto ng edukasyon.

Ang resultang ito ay pinatunayan ng pag-aaral ni Samortin (2020) na kung saan nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panapos na pagtataya ng controlled na pangkat. Dagdag pa niya, ang mga mag-aaral na dumaan sa kumbensiyunal o tradisyunal na paraan ng pagkatuto ng bokabularyo ay kinakitaan ng kaunting kaunlaran o pagkakaiba sa resulta ng pauna at panapos na pagtataya.

Manghad 7. Pagkakaiba sa resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na gumamit ng tradisyunal na paraan.

.Pre-test Mean	Post-test Mean	Mean Gain	t-value	df	p-Value	Interpretation
33.60	43.80	10.20	-7.619	14	.000	Significant

p-value < .05 is significant

Pagkakaiba sa resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na gumamit ng video presentation

Batay sa resulta ng t-test para sa di-magkaugnay na sampol nakita na may makabuluhang pagkakaiba ($t=-8.811$, $p=0.00$) ang resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na gumamit ng video presentation sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa Filipino.

Mula sa katamtaman ay umunlad at naging mataas ang iskor sa panapos na pagtataya ng mga mag-aaral matapos ang 6 na linggong paggamit ng video presentation sa klase Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panapos na pagtataya sa experimental na pangkat ay nagpapakita ng pag-unlad ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng video presentation sa klase.

Ipinapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral na gumamit ng video presentation na ito ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang paggamit ng video ay nakatulong upang higit na mapukaw ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral, at nagbigay ng malinaw, makulay, at kongkretong presentasyon ng mga aralin. Sa pamamagitan ng kombinasyon ng tunog, imahe, at kilos, mas napadali ang pag-unawa at retensyon ng impormasyon.

Ipinapahiwatig nito na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay may malaking potensyal sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral, at dapat isaalang-alang bilang mahalagang bahagi ng makabagong pedagogiya.

Ang kinalabasang ito ng pag-aaral ay sinasang-ayunan ng resulta ng ginawang pag-aaral ni Pechuanco (2023) na ang mga larong pangwika ay nakatutulong upang mapaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral.

Table 8. Pagkakaiba sa resulta ng pauna at panapos na pagtataya ng mga mag-aaral na ginamitan ng video prese.

Pre-test Mean	Post-test Mean	Mean Gain	t-value	df	p-Value	Interpretation
35.07	45.20	10.13	-8.811	14	.000	Significant

p-value < .05 is significant

Mean gain performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan

Ipinapakita sa Manghad 9 ng isinagawang pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa mean gain scores ng mga mag-aaral na gumamit ng video presentation at tradisyunal na paraan ($t=-0.031$, $p=0.097$). Ipinapahiwatig ng resulta na parehong epektibo ang video presentation at tradisyunal na paraan ng pagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral. Dahil sa halos pantay na mean gain score, maaaring bigyang-diin na ang tagumpay ng pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa uri ng estratehiya, kundi sa kalidad ng implementasyon, konteksto ng pagkatuto, at partisipasyon ng mga mag-aaral. Mahalaga ring isaalang-alang ang preperensya ng pagkatuto ng mga mag-aaral ang ilan ay maaaring mas natututo sa biswal na presentasyon, habang ang iba ay mas komportable sa tradisyunal na diskusyon.

Iminumungkahi ng datos na ang parehong estratehiya ay maaaring gamitin nang salit-salitan o kombinado upang matugunan ang iba't ibang uri ng mag-aaral sa loob ng klase, at upang higit pang mapalawak ang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Ang resultang ito ay sinang-ayunan nina Noreen et.al (2020) na kung saan ang mga mag-aaral sa experimental na pangkat ay nakakuha ng parehong marka sa controlled na pangkat.

Sinuportahan rin ito ng sinabi ni Samortin (2020) na kung paghahambingin ang resulta ng pagtataya sa controlled at experimental na pangkat, ang interbensiyon na Gamified Learning Activities na ginamit sa experimental na pangkat at tradisyunal na paraan ay parehong nakaapekto upang mas umunlad ang bokabularyo ng mga kalahok sa dalawang pangkat.

Manghad 9. Mean gain performans ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang video presentation at tradisyunal na paraan.

Group	Mean Gain	Df	t-value	p-vale	Description
Experimental Group	10.13	.07	-0.031	0.097	Not Significant
Control Group	10.20				

* $p < .05$, Significant

Kongklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na kongklusyon:

1. Ipinakita ng paunang pagtataya na ang experimental at controlled na pangkat ay may parehong katamtamang kasanayan sa Filipino, kaya angkop ang panimulang kondisyon para sa paghahambing ng mga estratehiya.
2. Parehong mabisang estratehiya ang video presentation at tradisyunal na pamamaraan sa pagpapataas ng kasanayan sa Filipino at maaaring gamitin o pagsamahin ng mga guro.
3. Nagpakita ng malinaw na pag-unlad ang mga mag-aaral matapos ang paggamit ng video presentation, na nagpapatunay sa pagiging epektibo nito bilang pantulong na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.
4. Napatunayan na nananatiling epektibo ang tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo at hindi lamang nakasalalay sa makabagong teknolohiya ang pagkatuto ng mga mag-aaral.
5. Dahil magkatulad ang paunang kasanayan ng mga mag-aaral, ang pag-unlad matapos ang interbensyon ay maituturing na epekto ng ginamit na estratehiya sa pagtuturo.
6. Parehong nakapagpabuti ang video presentation at tradisyunal na pamamaraan sa bokabularyo at kasanayang pangwika ng mga mag-aaral kapag isinagawa nang sistematiko at angkop sa kanilang pangangailangan.
7. Walang makabuluhang pagkakaiba sa bisa ng dalawang metodolohiya, kaya maaaring gamitin ng mga guro ang alinman sa mga ito depende sa konteksto at pangangailangan ng klase.

Rekomendasyon

Batay sa resulta at kongklusyon, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Inirerekomenda ang pagsasagawa ng diagnostic assessments sa simula ng semestre upang matukoy ang pangangailangan ng mga mag-aaral at makabuo ng angkop na interbensyon.

2. Iminumungkahi ang paggamit ng blended learning na pinagsasama ang video presentation at tradisyunal na pamamaraan upang matugunan ang iba't ibang estilo ng pagkatuto.
3. Inirerekomenda ang patuloy at pinalawak na paggamit ng video presentations at iba pang multimedia tools upang mapahusay ang pagkatuto sa Filipino.
4. Dapat patuloy na paunlarin ang tradisyunal na pamamaraan sa pamamagitan ng mas interaktibo at engaging na estratehiya at reflective teaching practices.
5. Iminumungkahi ang random at inklusibong pagpapangkat ng mga mag-aaral upang mapalakas ang kolaborasyon at pantay na oportunidad sa pagkatuto.
6. Inirerekomenda ang paggamit ng formative at summative assessments kasama ang regular na feedback upang masubaybayan at mapahusay ang progreso ng mga mag-aaral.
7. Dapat ipagpatuloy ang pagsusuri ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, kabilang ang paggamit ng mixed methods, upang matukoy ang pinakamabisang pamamaraan sa iba't ibang konteksto.

TALASANGGUNIAN

1. Almacen, J. E. B., & Labitad, G. F. (2024). Multimedia tools on learners' performance in Filipino. *International Journal of Research Publications*, 152(1).
<https://doi.org/10.47119/IJRP1001521720246923>
2. Babatunde, O. B. A. Y. O., & Yusuf, a. (2023). Comparative Effects of Digital Instructional Video and Power Point Presentation on Academic Achievement and Learning Retention of Basic Technology Students. *Nigerian Online Journal of Educational Sciences and Technology*, 5(1), 161-174.
3. Baharuddin, H., & Shahrill, M. (2020). The integration of technology in teaching and learning: A review of literature. *Journal of Educational Technology & Online Learning*, 3(1),1-10.
<https://www.google.com/search?q=https://jurnal.unsyiah.ac.id/JETOL/article/view/16508>
4. Brame, C. J. (2016). Effective educational videos: Principles and guidelines for maximizing student learning from video content. *CBE—Life Sciences Education*, 15(4). <https://doi.org/10.1187/cbe.16-03-0125>
5. Cesare, D. M. D., Kaczorowski, T., & Hashey, A. (2021). A Piece of the (Ed) Puzzle: Using the Edpuzzle interactive video platform to facilitate explicit instruction. *Journal of Special Education Technology*, 36(2), 77-83.
6. Cruz, P. (2023). Developing critical thinking skills through Filipino literature analysis. *Philippine Journal of Language and Literature*, 15(2), 78-92.

7. Department of Education (DepEd). (2020). Most Essential Learning Competencies (MELCs).
8. Fauzi, A., & Khusniyah, N. L. (2020). The effectiveness of ICT-based learning in improving students' learning outcomes. *Journal of Education and Learning (EduLearn)*, 14(1),1-8.
<https://www.google.com/search?q=https://ejournal.undiksha.ac.id/index.php/JEL/article/view/23113>
9. Gonzales, M. (2024). The role of Philippine culture and literature in enhancing Filipino language proficiency. *Journal of Philippine Studies*, 42(1), 105-120.
10. Hanif, M. (2020). The Development and Effectiveness of Motion Graphic Animation Videos to Improve Primary School Students' Sciences Learning Outcomes. *International Journal of Instruction*, 13(3), 247-266.
11. Jubahib, C. M. D., & Bayani, R. T. (2024). Filipino language in the mouth of Alpha Gen: A mixed method research approach. *International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education*, 10(4), 981–989.
https://ijariie.com/AdminUploadPdf/FILIPINO_LANGUAGE_IN_THE_MOUTH_OF_ALPHA_GEN_A_MIXED_METHOD_RESEARCH_APPROACH_ijariie24562.pdf
12. Komisyon sa Wikang Filipino. (2020). *Diksiyonaryong Filipino*.
13. Lim, S., & De Silva, R. (2023). Differentiated instruction in Filipino language classrooms: Addressing diverse learning needs. *Asia-Pacific Journal of Education*, 28(3), 345-359.
14. Mayer, R. E. (2021). *Multimedia learning* (3rd ed.). Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/9781316941355>.
15. Medina, A. (2021). The impact of interactive teaching strategies on students' Filipino communication skills. *Philippine Education Quarterly*, 50(4), 456-470.
16. Potane, R. M. (2023). Multimedia integration as an instructional tool for improving grammar comprehension skills. *Philip Journals*. <https://ejournals.ph/article.php?id=22808>.
17. Rahman, M. S., Alias, N., & DeWitt, D. (2021). Collaborative learning in online environments: A systematic review. *Computers & Education Open*, 2,100049. <https://www.google.com/search?q=https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S259011682100054X>
18. Reyes, B. (2020). Utilizing authentic materials to improve motivation and learning in Filipino language classes. *Journal of Language Teaching and Learning*, 10(1), 12-25.

19. Santos, C., & Bautista, E. (2022). Integrating technology in Filipino language education: Tools and strategies. *The Modern Language Journal*, 106(S1), 88-103.
20. Santos Espino, J. M., Afonso Suárez, M. D., & González-Henríquez, J. J. (2020). Video for teaching: classroom use, instructor self-production and teachers' preferences in presentation format. *Technology, Pedagogy and Education*, 29(2), 147-162.
<https://doi.org/10.1080/1475939X.2020.1726805>